Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BAHAY NA TISA, SAN GABRIEL, LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-05 NG SETYEMBRE, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | Kasangguni |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 152-2019

ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAGBATI AT PAGKILALA ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. NOEL G. PINEDA AT ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - KGG. GILBERT T. GATCHALIAN KINA MIKAELA Q. DOREGA AT KIMBERLY T. LAO NANG SILA AY MAGKAMPEON SA GIRLS DOUBLES 13-15 AGE GROUP SA KATATAPOS LAMANG NA BATANG PINOY NATIONAL CHAMPIONSHIPS.

- AKDA NG: BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS
  ITINAGUYOD NI: KGG. ENRICO C. CAPULE

SAPAGKAT, noong ika-25 hanggang ika-31 ng Agosto, taong kasalukuyan ay binigyan ng karangalan ang ating mahal na Lungsod nina Mikaela Q. Dorega At Kimberly T. Lao nang sila ay ay magkampeon sa Girls Doubles 13-15 Age Group sa katatapos lamang na Batang Pinoy National Championships na ginanap sa Puerto Princesa, Palawan;

SAPAGKAT, si Mikaela Q. Dorega ay isang mag-aaral ng Marcelo H. Del Pilar National High School at si Kimberly T. Lao naman ay mag-aaral ng Bulacan State University, kapwa tubong-Malolos, na napiling magrepresenta sa delegasyon ng Lungsod ng Malolos;

SAPAGKAT, kasama rin nila sa delegasyon ng Lungsod sina Venice Loren R. Salapong, Jhogie Phads Marie, Ryan Almario Bernal, Karl Raphael Contreras, Mark Anthony Bernal, at Christian Dorega;

SAPAGKAT, ang "Batang Pinoy" ay isang programa batay sa mandato ng Executive Order No. 44, kung saan ito ay isinasagawa upang mapaunlad ang Larangan ng Isports sa bansa at nagsisilbing daan para sa Philippine Sports Commission (PSC) na makadiskubre ng huhubuging mga atleta na may edad labinglimang taong gulang pababa;

SAPAGKAT, sa kanilang husay, sipag, taglay na dedikasyon at pagmamahal sa larong badminton ay nagsilbing daan upang sila ay kilalanin at magtagumpay sa torneo, at sa tulong na rin ng kanilang mapagkalinga at mahusay na mga taga-giya *(coaches)* na sina G. Rafael Nicolas Dionisio at Bb. Olivia L. Clemente;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

SAPAGKAT, isa sa layunin ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ang pagtataguyod ng pag-unlad o' kalinangan sa larangang kinabibilangan, pagtulong sa ikauunlad at paghikayat na umasa sa sariling siyentipiko at teknolohikal na kakayanan ang bawat mamamayan, kaya't nararapat lamang na mabigyan ng pagkilala ang katangi-tanging dedikasyon at kontribusyon na kanilang ibinahagi;

Kung kaya't sa magalang na mungkahi ni Kgg. Enrico C. Capule na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASYA, gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na ipinapahayag ang taos-pusong pagbati at pagkilala ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod - Kgg. Noel G. Pineda at ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod - Kgg. Gilbert T. Gatchalian kina Mikaela Q. Dorega at Kimberly T. Lao nang sila ay magkampeon sa Girls Doubles 13-15 Age Group sa katatapos lamang na Batang Pinoy National Championships.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

***KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*090919